# Ang Persona ng Kalikasan

Agustin Martin G. Rodriguez, Ph.D.
***Ateneo de Manila University***

**Abstract:** *This essay traces the root of our present environmental crisis in the modern turn of Western humanity and in it's imposition of its reductionist paradigms for engaging what come to presence on the global community  It articulates the challenge for humanity to rediscover nature as a presencing that invites the human being to let nature presence as a precensing other. It inquires into the necessity and possibility of being presented to. It also poses the possibility that this presencing signifies the presencing of a transcendent other who is the persohood of nature. Only in recognizing nature as the presencing of a personal other can we recover the respect ecological dwelling calls for.*

**Keywords:** *Colonization, Ecology, Westernization Transcendent*



## Panimula

Ang higit na mahalagang gawain na hinaharap ng ating panahon ay ang pagbibigay artikulasyon sa bukal ng suliraning ekolohikal na nagbabanta ng pagkawasak sa ating mundo. Malinaw, halimbawa, matapos ang mga trahedya tulad ng Ormoc, Sendong, at Yolanda na winawasak ng tao and sarili niyang mundo. Dahil sa walang pakundangang pagwasak ng mga gubat, binabaha ng daluyong ang mga lungsod at bayan, na nagsasanhi ng hight na pagdurusa sa mga walang malay at walang kasalanan. Tinataya ng maraming eksperto sa klima na epekto ng "global warming" o pag-init ng mundo itong pagkawasak na dulot ng mga bagyong may kakaibang lakas.

Malinaw na may malubhang krisis na hinaharap ang sangkatauhan at malalim itong pinag-iisipan ng mga pantas at siyentista ng sangkatauhan. Ngunit, madalas, nananatili ang kanilang pananaliksik sa pag-aaral ng mekanismo ng mundo. Ito ang madalas binibigyan ng diin sa ating pagtataka. Papaano natin winawasak

ang ating kapaligiran at ano ang dapat nating gawin upang masugpo o maharap ang trahedyang dala nito? iSamakatwid, napapako ang ating pag-iisip sa mekanikal na aspeto ng suliranin. Madalas nating iniisip ang potensiyal na pagwasak ng ating mundo bilang sulinaning mekanikal na dapat hanapan ng mekanikal na solusyon. Mahalaga nga ang pagtatanong sa nibel na ito ngunit malinaw na hindi ito sapat, dahil marami na ang mulat sa sanhi ng ating pagkawasak sa ating mundo at kung ano ang maaaring gawin upang masugpuan ang pagkawasak ngunit tila may isang uring paralisis na umiiral sa sangkatauhan. Parang wala tayong magawa dahil labis tayong nabighani sa isang paraan ng pamumuhay na, bagaman mapangwasak at tiyak na may patutunguhang pagguho, ay tilang iisang paraan ng pagpapatupad ng ating pakatao.

Dahil dito, kailangan nating isipin kung ang pagkawasak ng ating mundo ay nakaugat sa ating pagkatao. Upang makita ito, mahalagang tanungin kung papaano tayo kumikilos sa mundo sa paraang mapangwasak sa ating kapwa umiiral at kung anong aspeto ng ating pagkatao ang bukal ng mga kilos na mapangwasak sa ating mundo. Malinaw naman na tao mismo ang dahilan ng pagkatigang ng lupa, ng pagbalot ng himpapawid sa kumot ng mapanganib na pag-init, at ng paglason sa tubig na batayan ng buhay ng tao't ano pa mang nabubuhay. Anong uring pag-iisip o kalooban ang nagpapahintulot ng ganitong pagkawasak? Gawain nga ba ito ng mga makatwirang species?



## Ang Pagtuklas sa Amerika Bilang Paradigma ng Krisis

Upang lalong maunawaan ang pinagmumulan ng pagwasak ng tao sa kanyang sariling tahanan, maaari nating aralin ang mga pangyayari noong natuklasan ni Columbus ang Amerika. Ang pagtuklas ng Naitatag na Mundo sa Bagong Mundo ay interesanteng halimbawa ng potensiya ng walang-malay subalit malawak at malalim na pagwasak ng tao sa kapaligiran. Dahil noong nakitagpo ang mga tao sa Europa sa bagong mundo. isang radikal na pagbago ng mundong ito ang naganap bunga ng gawain ng tao. Iba ang Amerika[1] na natuklasan ni Columbus sa Amerika na umiiral ngayon. Ang dating lumago doon bago dumating ang

[1] Ang mga bahaging ito ay pagbibigay buod sa mga pangunahing ideya ng librong Columbian Exchange: Biological ang Cultural Consequences of 1492(Contributions to American Studies #2) ni Alfred W. Crosby (Connecticut: Greenwood Press, 1976), 30.

mga taga-Europa ay nagbagong hugis dahil lamang sa pagpataw na ginawa ng lumang mundo sa bago.

Upang maunawaan ang dahilan ng pagbabagong ipinataw ng mga taga-Europa sa bagong mundo, kailangan nating maunawaan ang kanilang nakita noong 1492. Bago tumuntong ang mga alagad ng Hari Espanya sa Amerika, hiwalay itong namukadkad sa ibang lupalop ng mundo. Ang buhay sa Amerika lang ang may sariling ebolusyon hiwalay sa ibang mga lupalop. Sa pagitan ng humigit kumulang 8,000 BC hanggang sa 1492 AD, walang pagbabahaginan ng sakit, pagpapalitan ng "genetic code," o paghahalo ng dugo sa pagitan ng tao, hayop, halaman o mikrobyo sa labas ng lupalop ng Amerika. Ang proseso ng ebolusyon at adaptasyon ay naganap dito ayon sa ibang daloy at impluensiya na nagbigay hugis sa ebolusyon sa Tsina, Europa, at Aprika. Sa ibang mga lupalop may naganap na pagbabahagian ng lahi, kultura, hayop at halaman. Kaya may pagkahawig at pagkilala sila sa mundong ito. Noong natuklasan ni Columbus ang Amerika, may dahilan siyang tawagin itong Bagong Mundo. Ang kanilang nakita doon ay hindi pa nakita ng mga taga-Europa na nakatungtong sa maraming ibang sulok ng mundo. Noong dumating ang mga taga-Europa sa Amerika, dumating sila sa ibang mundo: ito'y isang mundo na may kakaibang uring mga halaman at hayop—kasama na ang mikrobyo. Dahil dito, hindi maunawaan ng mga taga-Europa ang mundong ito bilang tahanan ng tao. Wala silang makitang makain dahil walang halamang katulad ng kinakain nila at wala silang mahanap na baka o baboy ng tulad ng pinalalaki nila. Iba ang paraan ng buhay ng mga katutubong Amerikano kaya hindi rin nila ito makilala bilang makataong paraan ng pamumuhay. Bagaman may mga siyudad na malalaki ang katutubo, iba ang sturkturang panlipunan at kosmolohiya nila. Madalas, sangkot sa kalikasan ang kanilang mga komunidad. Nakikisabay sila sa daloy ng panahon, at bagaman hinuhugis nila ang kapaligiran sa malawak na paraan para naparami ang kinakain na hayop, lalong-lalo na ang buffalo, hindi nila ito kinukulong kundi nangangaso sila[2]. Hindi tulad ng mga taga-Europa, hindi nila nahahanap ang kaginhawaan ng buhay sa paraang hinihiwalay ang tao sa kalikasan ni ang pagsentro ng tao sa katalagahan. May pagnanais silang isabay ang kanilang paraan ng pamumuhay sa nauunawaan nilang kaayusan ng kosmos.

[2] Tignan ang tala ukol sa librong 1491 sa baba.

Para sa mga taga-Europa, umiikot ang buhay sa personal na tagumpay na madalas umiikot sa akumulasyon, produksyon tungo sa akumulasyon ng kayamanan, at ang paglikha ng buhay na ipinapatupad hiwalay sa kalikasan. Upang maging tahanang tunay ang Amerika para sa mga taga-Europa, kinakailangan nilang ilikha ito ayon sa kanilang konsepto ng sibilisadong mundo[3]. Naging matagumpay ng kanilang pagsisikap dahil sa loob lamang ng ilang dekada, pinalitan ng kanilang mga hayop at halaman ang mga katutubong hayop at halaman sa Bagong Mundo at pinalitan ng kanilang kultura at lahi ang mga lahing katutubo roon[4].

Sa isang pananaw, mabuti ang pagdating ng mga taga-Europa sa bagong mundo. Laging nagpapayaman ang pagbabahagian na nagaganap sa pagitan ng mga lupalop. Masakitin ang batang lumaki na hiwalay sa ibang bata at makitid ang isip ng lahing walang katalab na ibang lahi. Ngunit may ibang ritmo ang ebolusyon sa rebolusyong naganap noong dumapo ang Naitatag na Mundo sa bago. Ang pinakamalinaw na halimbawa ay ang Estados Unidos. Hindi Caucasian o puti ang lahing namayani sa lupang iyon. Malinaw na namayani doon ang mga katutubong Amerikano bago ang 1492 at binuo sila ng mga bayan tulad ng Navajo at Cheyenne, Pueblo at Pomo. Ngunit dahil sa dinalang digmaan ng mga taga-Europa, pagpapahirap sa mga alipin, at, higit ssa lahat, pagbahagi ng mga sakit na hindi kilala ng katawan ng katutubo, halos naubos ang katutubong populasyon. Dahil rin sa di-karaniwang pagdami ang mga hayop na dinala ng mga taga-Europa tulad ng kabayo, baka at baboy, na lumago dahil walang likas na sakit o maninila, ang dating damuhan ay nakalbo. Dahil rin sa baka, kabayo at araro, ang dating gubat ay naging mga plantasyon na unti-unting nagging sanhi sa pag-ubos ng kayamanan ng lupa na inipon sa mahabang panahon. Sa loob ng isang daang taon, walang pakundangang binago ng mga taga-Europa ang mukha ng isang mundong hinubog ng ilang libong taon[5]. Bakit nila ito ginawa at papaano?[6] Sa isang

[3] Crosby, Columbian., 64.

[4] Ito ang tinutukoy ni Crosby bilang Columbian Exchange.

[5] Ibid., 112-13.

[6] Sa puntong ito, kailangang maging maingat at hindi isipin na walang ginawang pagmamanipula ang mga katutubong Amerikano sa kanilang kapaligiran. Sa librong 1491: New Revelations of the Americas Before Columbus, (New York: Vintage Books, 2006) pinapaliwanag ni Charles C Mann na ang mukha ng likas na mundo ng mga katutubo ay kanilang hinubog sa pamamagitan ng paggamit ng apoy. Ito'y ginawa nila upang mapalago ang buffalo na hilig nilang ipangaso. Hindi punto ng aking pagmumunimuni dito na ipakita na ang mga taga-Europa lamang ang may ugali at kakayahang manipulahin ang mundo. Ang nais kong bigyang diin ang walang malay na pagbabago na ipinatupad nila at ang malawak na pagwasak na naging bunga nito.

pananaw, makikita natin na naroon sa puso ng kolonisisasyon na naganap sa Amerika ang isang mapangwasak na pagpataw ng isang kosmos na dayuhan sa isang sinaunang kosmos.

Marahil mayroong dakila o di-dakilang dahilan ang mga taga-Europa para sakupin ang lupalop ng Amerika, ngunit kamatayan at pagwasak pa rin ang nagging bunga nito. Isa itong malinaw na pagwasak sa kaayusan ng isang nakatatag nang mundo. At bukal ng pagwasak na ito ang matinding pangangailangan ng mga taga-Europa na angkinin ang mundo ng iba. Nagmula ito sa kanilang pangangailangang magpalawak ng terirtoryo at maghanap ng mga bagong pagkukunan ng kayamanan dahil narating na nila ang hangganan ng akumulasyong ito sa kanilang sariling lupa. Malinaw sa kanila na hindi mapapatupad itong akumulasyon ng kayamanan kung hindi sila makatuklas ng ibang lupaing mapagkukunan ng materyales o kalakal. At noong natuklasan nila ang Amerika bilang lupang iyon, nakita rin nila na hindi angkop ang mundong ito sa kanilang sistema ng akumulasyon. Samakatwid, kinailngan nila ng isang mundong mapagkukunan ng kayamanan na angkop sa kanilang mga paraan ng pangangalakal at produksyon. Hindi angkop ang Amerika sa kanilang mga sistema kaya naman itinurin nila itong bagong mundo na kailangang baguhin. Noong dumating ang mga mamamayan ng Naitatag na Mundo sa Bagong Mundo, mayroon silang taglay na paraan ng pamumuhay na may taglay na kalinangan: isang kalinangan na may sariling paraan ng paghugis sa katalagahan. Likas ito sa ano mang lahi.

Ang tao, sa kanyang may hangganang abot-tanaw ng pag-uunawa, ay humuhubog ng may hangganang balangkas ng pakikipagsapalaran sa walang-hanggang kayamanan ng katalagahan. Upang maisatupad ng tao ang kanyang potensiya ng pagiging tao sa mundo, kinakailanagan siyang humubog ng isang paninindigang may hangganan. Itong paninindigan ay ang kalinangan na nagtatakda sa ating pag-uunawa, pakikisangkot, at paghubog sa katalagahan, sa isang mahigpit/maluwag na paraan.Ano mang kalinangan na taglay ng isang lahi ay kabuuan ng mga paraan na inilinang ng mga ninuno bilang mahahalagang patakaran ng buhay na bunga ng malikhaing pakikipagsapalaran ng ilang salin-lahi sa katalagahan. Pamana ang kalinangan ng mga ninuno upang magkaroon ang lahi ng maayos na balangkas na pinagmumulan ng kanilang kakayanang lumundag sa hiwaga ng

buhay. Hindi ito isang nakatakdang hangganan ng pag-uunawa at paggawa. Sa halip, ito'y batayan ng mga posibilidad ng mayamang pakikibahagi. Mula sa itinakdang balangkas, natututo tayong lumikha ng hindi pa natuklasan o nakita. Ngunit ang paglikhang ito'y batay sa balangkas na ibinabahagi sa salinlahi.

Itinatakda ng kalinangan kung ano ang nakikita at papaano nakikita ang mga bagay-bagay. Kaya ang mga bagay na sentido-komun para sa ibang tao ay bagong kaalaman sa ibang tao. Mayroon na tayong paraan ng pagbibigay kahulugan at pakikibahagi sa katalagahan na ipinapalagay na natin bilang katotohanan. Karaniwang hindi mulat ang tao sa kanyang balangkas ng pakikibahagi. Ito ang balangkas ng pagtingin na hindi napapansin. Ipinapalagay niya na ang kanyang paraan ng pagtingin at pagbibigay kahulugan sa mundo ang siyang payak na katalagahan ng mundo. Hindi niya namamalayan na ito'y isang posibleng mundo. Kaya, sa isang hindi mulat na paraan, sinusubukan nating hubugin ang mundo ayon sa mga nilinang na paraan ng pag-uunawa at pagbibigay kahulugan sa mundo. Itong kalinangan ang bumubuo ng kosmos, o makahulugang kaayusan, na ibinibigay ng tao sa kanyang mundo. Kung baga, ito ang hugis ng mundo na kinagisnan ng mga tao at ipinapalagay nilang tunay na hugis ng mundo. Nalilimutan natin na ang mga balangkas ng pagbibigay kahulugan at ang kosmos na dala nito ay bunga ng laro ng mga bagay na hindi hawak ng tao, tulad ng demograpiya, geograpiya, at personal at panlipunang kasaysayan. Sa kanluran, sumibol ang modernong agham at ang kosmos ng agham na iba sa sibilisasyong sumibol sa Amerika. At dahil hindi natin mulat na pinili ang kosmos na dala-dala natin, inakala natin na ito ang hugis ng katalagahan sa kanyang sariling pagdirito. Kaya, bagama't iisang katawan ng tao ang tinititigan, iba ang paliwanag ng albolaryo sa doctor; at sa kanilang mga mata, ang sariling paliwanag ang iisang paliwanag sa mundo. Hindi nila alam na maaari na pareho silang umuunawa sa katalagahan, iba lang ang kalinangang pinanggagalingan nila upang umunawa at humugis sa presensiya ng katalagahan.

Itinuring na bago ng mga taga-Europa ang Bagong Mundo dahil natuklasan nila doon ang isang mundo na sa kanilang mata ay nagsisimula pa lamang: isang mundong mas malapit sa kaos kaysa sa kosmos. Wala pa itong sariling hugis o kahulugan. Maaaring para sa kanila, ang kalikasan ay walang kaayusan

dahil hindi ito naihugis sa paraan na makapagpapanatili ng buhay ng tao mula sa Europa. At wala pa ring kaayusan ang mga lipunan ng katutubo dahil wala itong "sibilisasyon" sa anyong nakikilala ng lahing puti. Ibang mundo ang Amerika sa Europa. Ito ang Europa na may matandang kultura at bagong agham na nagpamulat sa tao ng kanyang kapangyarihang ihugis ang kalikasan. Dapat alalahanin na natuklasan ng Europa ang Amerika noong renasimiyento—ang panahon ng kanilang pagbangon mula sa kadiliman ng kamangmangan at pagtuklas sa makabagong kapangyarihang lumikha ng mundo ayon sa kalooban ng tao. Bagaman ang katutubong Amerikano ay nagpataw ng kaayusan sa kanilang mundo, hindi sila nagpataw sa paraang nilalagay sa sentro ng kaayusan ang tao o nagpataw nang kontra sa paraan ng kalikasan. Kaya may ilang tribo ng mga katutubong Amerikano na, sa pag-uunawa ng mga lahing puti, halos hindi pa lumalampas sa sibilisasyong gumagamit ng batong kasangkapan. At kung ihahambing ang pagkakaiba ng Naitatag at ng Bagong Mundo ayon sa mga pamantayan ng sibilisasyon ng Kanluran, iwan na iwan ang mga katutubong Amerikano. At dahil nakila nila bilang iba at iwan ang mundo ng mga katutubong Amerikano, ang nakita doon ng mga taga-Europa ay mundo na walang kaayusang makahulugan. Meron lang itong magulong kapaligiran na hindi hinugis ayon sa isang matalinong kapangyarihan dahil hindi nila kinilala bilang makatao o makahulugang kosmos ang mundong nalikha mula sa kosmos ng mga katutubo ng lupang iyon.[7] Subalit, maaari rin nating sabihin na mababang sibilisasyong ang katutubo para sa mga Kanluraning tao dahil hindi ito angkop sa kanilang pag-uunawa sa akumulasyon ng kayamanan.

Nagsimula ang kasaysayan ng Modernong Amerika sa pagpataw ng kosmos. Ang buong kilos ng kolonisasyon ay pagpapalit ng katutubong kosmos sa isang kosmos na bunga ng kalinangang nagmula sa lupalop ng Europa. Ano man ang hugis ng lupalop ng Amerika ngayon ay bunga ng pagsubok ng mga taga-Europa na lumikha ng Europa sa Amerika. Tiyak na hindi nila ganap na nabago ang Amerika upang maging salamin ng Europa dahil ano

[7] Bagama't kung tutuusin, noong nakatagpo ng mga dayuhang taga-Europa ang bagong mundo, natuklasan nila ang isang mundong may maraming iba't ibang sibilisasyong may mayaman na pag-uunawa sa mundo at may malikhaing mga paraaan ng pag-iral ng tao sa mundo. May mga siyudad silang may populasyong kasing laki ng mga siyudad ng Europa at may sapat na pag-uunawa sa kanilang kapaligiran para ito ihugis ayon sa kanilang hinubog na paraang ng pamumuhay. Tignan ang librong 1491 ni Mann.

man ang meron doon ay bunga ng pagtatalaban ng katutubo at dayuhan. Ngunit ang mahalagang makita rito ay ang pagsubok baguhin ang kosmos mula sa pagkain hanggang sa mga diyos. Ito ang kanilang sinubukang gawin sa ano mang koloniya ng lahing puti. Ganoon rin ang nangyari sa Pilipinas ngunit higit na malinaw at kakaiba ang pagpapataw sa Amerika. Dahil sa Amerika ang mga buong lahi at uri ng halaman at hayop ang naubos at nabago sa paraang nakaapekto sa kayamanan ng buhay sa ating mundo.[8] Ito'y bunga ng kanilang pagsusubok at pagnanais na baguhin ang hugis ng di-kilalang mundo sa isang kinagisnang kaayusan. Ang nakaligtaang makita ng mga banyaga ay hindi bago ang Bagong Mundo. Matandang mundo ito na umikot at tumubo ayon sa sariling patakaran na hinubog sa pagdaan ng libo-libong taon ng pakikipagsapalaran ng tao sa kanyang kapaligiran.

Sa isang pananaw, makatwiran ang ginawa ng mga taga-Matandang Mundo sa Bagong Mundo dahil inakala nilang wala silang nakitang makatwiran o makataong kosmos sa mundong dinatnan nila kaya bumuo sila ng pamilyar na kosmos. Ito ang likas na kilos ng tao sa mundo. Kapag wala siyang nakilalang kosmos at nakikitang ang lahat bilang kaos, lilikha siya ng bagong kosmos sa pamamagitan ng pagpataw sa kaguluhan sa humaharap sa kanya ng kanyang pag-uunawa sa kaayusan. Ito ang buod ng pagnanais ng Estados Unidos na ipataw ang sariling larawan ng makataong kultura at politika sa buong mundo. At ito rin ang bukal ng kaguluhan sa dating Ikatlong Mundo: pinilit ipataw ng mga lahing puti ang kanilang sistema ng politika at ekonomiya sa ibang mga bayan bagama't nanatili ang kalooban ng katutubo sa katutubong kultura.

## Ang Krisis

Sa kasalukuyang panahon, namumulat ang sangkatauhan sa isang krisis na maihahalintulad sa pagwasak na naganap noong nagtagpo ang dalawang mundo noong 1492. Hindi ba masasabi na nasa buod ng ating krisis ng ekolohiya ang isang walang pakundangang pagpataw ng isang kosmos na itinakda ng tao sa kalikasan na may sariling kosmos? Ang siyudad ay mabuting halimbawa nito. Ang ating mga gusali at tahanan ay umiiral sa

[8] Crosby, 218-19.

isang uring patakaran na nagpapahintulot sa taong mabuhay nang hiwalay sa kalikasan.[9] Sa loob ng isang opisina sa tuktok ng sementong gusali, maaari lumipas ang isang buong araw nang hindi mo napapansin, huwag lang mawalan ng kuryente. At kailangan mo lamang sumakay sa eroplano para makita na malinaw ang pagkahiwalay ng mundo ng tao sa mundo ng kalikasan. Walang malikhaing pagtatalaban ang kosmos ng kalikasan at kosmos ng tao. Malinaw na kulay abo, aspalto, at patay na lupa ang mundo ng tao na ibang iba sa natitirang gubat na kulay buhay.

Unti-unting lumilinaw na itong kosmos na ipinapataw natin ay hindi mabuting batayan ng buhay para sa kalikasan at pati na rin sa tao. Nakikita natin kung papaano nasasanhi ng ating pagkonsumo ang pagkamatay ng ilang libong species sa mundo at ang pagkawasak ng kanilang tahanan. Dahil sa walang katuturang pagkonsumo, nauubos ang malinis na tubig sa mundo, umiinit ang mga dagat at namamatay ang mga koral na mahalagang bukal ng buhay sa dagat. At ginagawa natin ang lahat nang ito dahil nais ng tao ipatupad ang walang-hangganang pagtaas ng produksyon at akumulasyon tungo sa pagpapayaman at pagpapatindi ng kakayahang komunsumo. Subalit ang ating mga buhay na nilikha para sa akumulasyon at pagkonsumo ay walang malinaw na kabutihang idinudulot. Bagaman mas mahaba ang ating mga buhay, may malinaw ang karanasan ng ennui at stress. Ang ating mga katawan ay maaaring mabuhay ng mahaba subalit dulot rin nito ang mga sakit na bunga ng di mabuting pagkonsumo na posible lamang dahil sa ating walang-pakundangan at mapangwasak na paggamit sa likas sa mundo. Ngunit kahit na luimilinaw ang pagka-mapangwasak ng ating mga paraan ng pamumuhay, patuloy pa rin tayo sa pagtataguyod ng pamumuhay na itinurin bilang telos ng ebolusyon ng mga sibilisasyon ng tao. Hindi ba absurdo na para lamang makakain ng hamburger, na madalas na walang sapat na sustansiyang naidudulot sa tao, mabilis na nauubos ang mga gubat na pinagmumulan ng ulan sa mundo? Higit na absurdo na umiinit ang ating mundo at nagiging mas mapanganib ang mga bagyo dahil sa mga paglilibang na madalas walang idinudulot na pagpapayaman sa ating pagkatao? Bagaman may krisis tayo sa pag-ubos ng mahahalagang materyales ng produksyon at may krisis ng basura, patuloy tayong gumagawa ng mga elektroniks

[9] Yi-Fu Tuan, "The City: Its Distance from Nature," Geographical Review, 68:1 (1978), 1.

na sinadyang madaling maluma para lamang may mabenta ang nagpapayaman at may mabili ang bagot sa buhay.

Bakit posible o kanais-nais sa taong magpatuloy sa kanyang mapangwasak sa buhay na puno ng mga kontradiksyon? Hindi sapat sabihin na ginagawa natin ito upang mabuhay. Ang kabalintunaan ng ating buhay ay isinasatupad natin ang pagwasak ng sariling tahanan sa paniniwalang pinayayaman natin ang buhay. Subalit, maaari tayong magpasyang mabuhay sa mas mapayapa at malikhaing paraan kung ipasya nating ipatupad ang radikal na pagbabago na tinatalikuran ang lahat ng mapangwasak na pagpapatupad ng pagkatao. Bakit tayo kailangang magpatuloy sa mapangwasak na paraan?

Hindi natin mabitawan ang mapangwasak na paraang ng pananatili sa mundo dahil dito tayo komportable at tila mapayapa. Sa loob ng ating nilikhang mundo, hawak natin ang lahat mula sa kalagayan ng panahon hanggang sa kalagayan ng kalooban. Walang bahagi ng siyudad na hindi itinakda ng tao. Ang buong hugis ng siyudad ay bunga ng pagnanais at bangungot ng tao. Mapayapa ang tao sa siyudad dahil gaano mang kapanganib, ito ang kanyang mundo. Kaya ang mga desenyo ng bahay at gusali ay sapat sa kaginhawaan ng tao subalit hinihiwalay tayo sa mundo sa labas. Kumikilos dito ang lahat ayon sa mga paraang itinakda ng tao: mula sa liwanag hanggang sa hangin na nagpapaginhawa sa mga tumatahan doon.

Naging posible ang ganitong uring pakikipagsapalaran sa mundo dahil natuklasan ng tao ang kanyang kapangyarihan na lumikha ng sariling mundo na hindi kailangang kumilos ayon sa mga patakaran ng kalikasan. Kung tutuusin, natuklasan niya ang paraan upang itakda ang mismong patakaran ng kalikasan. Dahil sa pamamagitan ng modernong agham at ang teknolohiyang nilikha nito, ang tao ang naging kapangyarihang humuhugis sa katalagahan. Sa pamamagitan ng modernong agham, naturuan ang taong unawain ang ano mang phainomena ayon sa mga paradigma ng pag-unawa na naging mabunga sa manipulasyon ng katalagahan. Halimbawa, mula noong naiuwi ang mga kilos ng katalagahan sa periodic table of elements naging madali para sa kimiko na manipulahin ang kilos at kaugnayan ng mga kimikal. At mula noon mayroon tayong mga refrigerator at dinamita. Mula rin sa ganitong sistema, mayroon tayong pataba na hindi kailangang

ilikha sa organikong paraan.

## Ang Absurdong Tao

Naging mahalaga sa tao na maihugis ang katalagahan ayon sa kanyang kalooban dahil higit na madaling magtiwala sa isang mundong inilikha mo kaysa umasa sa isang kosmos na wala sa iyong kapangyarihan. Sinubukan ng sangkatauhan na lumikha ng mundo ayon sa kanyang kalooban sa loob ng ilang libong taon mula noong pinahintulutan ng modernong pisika na maipaliwanag natin ang mga kapritso ng kalikasan sa mga malilinaw na pormula. Mula lamang sa katwiran at teknolohiya ng tao hinugis natin ang mundo ayon sa larawan ng ating sarili. At makatwiran ito dahil tulad ng nakita ni Albert Camus sa *The Myth of Sisyphus*, nagdurusa ang tao dahil ipinipillit niyang magkaroon ng katutubong kahulugan ang isang mundong walang kahulugan.[10] Ipinipilit ng mga tao na magkaroon ng kosmos ng katalagahan bagaman malinaw na walang bukal ng kahulugan ang kosmos na ito. Nasa struktura lamang ng pagkatao ng tao ang pagnanais at pangangailangang maghanap ng makahulugang kaayusan sa walang kahulugang kaguluhan ng mundo, at ito'y napatunayan sa pagpipilit nating makakita ng mga mukha mula sa mga mantsa sa kahoy o hugis sa ibinuhos na tinta.

Walang kaayusan ang katalagahan sa kanyang sarili, at ito'y nagmumula lamang sa tao. Kung ganito, kailangang magtakda ng isang makahulugang kaayusan sa katalagahan ang tao upang malinaw na may kahulugan ang katalagahan. Hindi nga ba iyon ang makatwirang gawain? At bakit hindi, kung nasa atin ang kapangyarihan? Marahil mula noong natuklasan natin ang ating kakayahang lumikha ng bagong mundo ito na nga ang sinubukan nating gawin. Inasahan ng sangkatauhan na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang teknolohiya, matutubos ang tao mula sa ano mang kahirapan na kanyang ipinagdurusa. Ngunit narito tayo, halos tatlong daang taon mula noong itinaya ang buong bisig at pag-asa ng mga taga-Europa ang pangako ng mabuting mundo na maidudulot ng maka-agham na kaalaman at antroposentrikong teknolohiya, masasabi nga bang nakalikha tayo ng isang higit na makataong mundo? Natubos na nga ba tayo o patungo nga ba sa pagtubos? Mabuting mundo nga ba ito? Tila marami nga tayong mahalagang nagawa tulad ng pagpapadala

[10] Albert Camus, The Myth of Sisyphus (London: Penguin Books, 1975), 26.

ng tao sa buwan at pagtuklas ng penicillin at smart phone ngunit higit na makatao nga ba ang ating mundo? Napatagal na nga ang buhay ngunit anong uring buhay at kanaisnais bang patagalin ito? Matapos ang ilang daang taon ng pagsubok, nagsisimulang luminaw na ang ating mundong nililikha ay mapangwasak. At ang pinakamalinaw nAbsurdong kosmos ang nagpapahintulot sa taong ubusin ang mga gubat at punuin ng usok ang himpapawid para sa palm oil at punuin ang dagat ng mga plastik na pinambalot ng luho. Mula noong ipinataw natin ang sariling kosmos, naging malinaw na mayroon tayong kaayusang nasira. Ang ating kosmos ay hindi nakabuo sa ating kalooban at hindi napapalago ang kalikasan. Sa halip, pinipilit nating tumubo at kumilos ang katalagahan ayon sa mga pamantayang itinakda natin. Malinaw ito sa ating pagpilit sa lupang maging mabunga para sa mais, habang, sa pagbuhos ng mga inorganikong pataba, ang lupa'y unti-unting nagiging buhangin. Kaya hindi maipagkakaila na tayo ay naging tulad ng mga taga-Lumang Mundo. Bulag tayong nakikipagsapalaran sa isang mundong may sariling kosmos na winasak natin sa pagpataw ng kosmos na kinagisnan, ngunit labag sa katutubo. At tila hindi matakasan ang mapangwasak na kilos na ito.

Habang pahusay nang pahusay ang tao sa pag-unawa sa katalagahan ayon sa sariling pamantayan, unti-unting naging madali ang pagharap sa kalikasan bilang banyaga sa atin. Lalong humuhusay ang pagpataw, lalong madaling kalimutan ang pinatawan. Kaya ang kalikasan ay isang bagong mundo na kailangang turuan ng ating mga batas at patakaran. Minsan tilang may nakikita tayong kahulugan sa mga kilos ng kalikasan. Ngunit hinaharap natin ito bilang labi ng isang patay na sibilisasyon na maaaring makahulugan noon ngunit hindi na natin nauunawaan ang lohika at katwiran na sumasailalim dito. Marahil sa isang matagal at nakalipas na panahon, kilala pa natin ang ritmo at kumpas ng wika ng kalikasan. Ngunit sa ating panahon, wala na tayong makitang kosmos na mapagkakatiwalaan maliban sa ating mga nilikha.

## Ang Absurdong Mundo

Sa pamamagitan ng makabagong agham at teknolohiya, napahintulutan tayong lumikha ng mundong may mapagkakatiwalaang ritmo dahil kumikilos ito ayon sa katiyakang

itinatakda ng tao. Sa pamamagitan ng mga batas ng agham, natutulungan ang taong magtakda ng isang kaayusang nakikilala sa isang mundong hindi kilala. Ngunit narito ang sangkatauhan sa mundong kanyang nilikha. Dapat siyang payapa sa tahanan ng kanyang sumasakatawang diwa, ngunit anong meron sa mundong ito kundi ang kamatayan na sinananhi ng tao? Absurdo ang ating mundong kinalalagyan dahil bagaman malikhain tayo sa maraming paraan, lalo na't may kinalaman sa pagkonsumo at akumulasyon ng kayamanan, ang lahat ng ating gawain ay may mapangwasak na epekto sa kapaligiran. Marahil sasabihin ng ilan na ang solusyon sa suliraning pang-ekolohiya ay nasa nibel ng siyentipikong kaalaman. Na kaya lamang nagkakaroon ng ganitong krisis dahil hindi pa natin nahahanap ang paradigma na magpapahintulot sa taong manipulahin ang kanyang mundo sa paraang hindi mapangwasak. Sa isang pananaw, totoo ito. Hindi pa nga natutuklasan ng tao ang isang balangkas ng pakikisangkot sa katalagahan sa paraang malikhain.

Ngunit ang sagot ay hindi mahahanap sa praktikal na nibel lamang dahil upang matuklasan ang balangkas ng pakikibahagi sa paraang makatao, kailangan nating itanong ang dahilan ng ating pagkukulang sa malikhaing pakikibahagi sa mundo. Ang pagkukulang ay hindi lamang sa nibel ng pag-uunawa sa mekanismo ng mundo. Mukhang sapat nating nauunawaan ang mekanismo ng mundo at ang ating mga kilos na nagiging mapangwasak sa kalikasan, at madalas may mga malilinaw nang hakbang patungo sa muling pagbubuo ng mundo, subalit hindi pa rin natin maisatupad ang dapat. Mahirap para sa ating bitawan ang kinagisnang mundo dahil ang alternatibo ay nakatatakot. Hinihingi ng ating kapanahunan sa tao na bitawan ang mapangwasak na paraan ng pag-iral at bitawan ang pagpapanggap na siya ang sentro ng katalagahan. Subalit ang ibig nitong sabihin ay posibleng may intrinsikong kaayusan ang kosmos na hindi hawak ng tao at kailangan niyang galangin. Kung may intrinsikong kosmos ang katalagahan, at kailangan natin itong aminin, hindi ba't ang ibig nitong sabihin ay hindi hawak ng tao ang kosmos kung saan nakasalalay ang kanyang pag-iral. Hindi hawak ng tao ang pag-iral at pamumukadkad ng katalagahan at sa ganoon, ang sarili niyang kapalaran at pagbubuo ay nakasalalay sa isang kosmos na bunga ng walang malay na laro o sa pagmamalay ng isang manlilikha na hindi sumasailalim sa kanyang kapangyarihan. Ito lamang ang dalawang

posibilidad na humaharap sa atin.

May ganitong lohika ang hinaharap nating katotohanan ukol sa kosmos na hindi hawak ng tao. Ang isa'y nakasangkot tayo sa isang kosmos na walang pakialam sa atin dahil wala itong pagmamalay sa tao o sa ano man. Hindi maaaring makialam ang walang malay. Basta't bulag na nabuo ang katalagahan ayon sa mga batas na walang nagtakda kundi pagkakataon. At kung ganoon nga, makatwirang aminin na absurdo ang mundong kinalalagyan, at mabuhay sa ilusyon na may kapangyarihan ang taong itakda ang kahulugan nito, tutal mukhang may kakayahan nga ang taong manipulahin ang mekanismo ng mundo para sa kanyang mga pangangailangan.

Tila absurdo nga ang kalagayan ng tao sa katalagahan dahil nakikita lamang natin ang bulag na kilos ng walang malay na uniberso. At papaano nga ba makabubuo ng makahulugang pag-iral kung ang lahat ay aksidente at walang tunay na patutunguhan. Kung walang makatwirang kapangyarihan na nagtatakda ng kahulugan at patutunguhan ng isang bituin at ang bilyong kaluluwa na sumibol at mawawala kasama nito. At bagaman hindi sinasabi, mula sa pagkilos ng modernong tao, tila naniniwala siyang walang malay ang katalagahan at absurdo ang pag-iral niya. Subalit mulat man siya sa pagka-absurdo ng lahat wala naman siyang magawa. Walang katuturan ang ano mang pagpupumilit ng tao na makapagtakda ng kahulugan sa kosmos na hindi niya mapagtiwalaan, dahil sa wakas hindi siya ang bukal ng pag-iral ng katalagahang ito. Ano mang pagpupumilit maging bukal ng kahulugan ng katalagahan, hindi pa rin ang tao ang bukal ng pagdirito nito. Ang mismong pagdirito ng tao ay nararanasan niya bilang may pagka-contingentia, o nakasalalay sa isang kapangyarihang sumasaibayo sa kanya. Sa absurdong kosmos, nakasalalay ang kahulugan ng pag-iral ng tao sa isang arbitraryong kaayusan dahil aksidente ang kalikasan. Kaya nais natin maging batayan ng kahulugan ng ating pagdirito dahil hindi madaling pagkatiwalaan ang absurdong kosmos na walang makahulugang patutunguhan. Ngunit wala sa kapangyarihan ng tao ang magtakda ng kahulugan sa kilos ng uniberso. Intrinsikong may kahulugan ang katalagahan o ito'y absurdo.

## Ang Personal na Kalikasan

Posible ang umiiral na eksploitasyon ng kalikasan sa ating

kapanahunan dahil sa kawalan ng paggalang ng tao sa kinalalagyang mundo. Kung tutuusin, dahil absurdo ang katalagahan, walang kahulugan ang paggalang ng tao dito. Nagmumula ang paggalang sa pagkilala ng tao sa intrinsikong kabuuan at kahulugan ng isang bagay. Ito'y pagkilala na ang nagprepresensiya ay may sariling kabuuan, may katatagan, may katuturan, at may kahulugan na dapat hayaang umiral batay sa makahulugang kabuuang dala nito. Dahil walang intrinsikong kaayusan o kahulugan ang kalikasan, at dahil wala itong katuturan na hindi binigay ng tao, hindi ito kailangang galangin. Ginagalang lamang natin ang may sariling kaayusan at kahulugan. Dahil walang intrinsikong kahulugan at katuturan ang mundo, madali para sa atin makita ito bilang material ng sariling kapakinabangan. Kung gagalangin ang kalikasan, kailangan itong makita bilang may intrinsikong kahulugan at kaayusan. Subalit ang kahulugan ay nanggagaling lamang sa persona. Walang kaayusan ang mundo kung walang isang personang may kalooban at kaisipan na maaaring magbigay ng kahulugan dito. Inako ng tao ang gawaing ito dahil noong panahon ng modernidad, hindi matanggap nga mga taga-Europa na may isang sumasaibayong persona na maaaring magbigay kahulugan sa katalagahan. O marahil hindi matanggap ng tao na may persona maliban sa kanya na maaaring bukal ng kaayusan at kahulugan ng katalagahan.

Subalit, unti-unti tayong natatauhan na hindi sapat na tao ang nagbibigay ng kahulugan sa katalagahan. Unti-unti, sa ating kapanahunan, higit nating nararanasan na may kaayusan tayong nasisira na talagang naririto sa mundo. At higit nating namumulatan ang halaga ng paggalang sa kaayuusan sa katalagahan. Sa mga kilusang ekolohikal, karaniwang pag-usapan ang paggalang sa kalikasan at ang pagtalikod ng tao sa kanyang antroposentrikong paraan.[11] Hindi magiging posible ang ganitong atitud kung walang kutob na may intrinsikong kahulugan ang kabuuan. Subalit, ang pagtanggap sa pundamental na kaugnayan ng paggalang sa katalagahan ay may implikasyong mahirap sa ating tanggapin. Ang implikasyon nito ay may Ikaw na bukal ng kahulugan ng kosmos na nagpepresensiya sa akin tuwing nakikitagpos ako sa katagalahan. Ang buong

[11] Tignan halimbawa ang Al Gore, Earth in the Balance and the Human Spirit, (New York: Rodale Books, 2006) at Erazim Kohak, The Green Halo: A Bird's Eye View of Ecological Ethics, (Chicago: Open Court, Kindle Edition). Ito'y mga halimbawa ng mga makabagong manunulat ukol sa ekolohiya na may malinaw na pagpapahalaga sa paggalang sa kalikasan bilang batayang atitud ng pagharap sa suliraring ekolohikal.

kilos ng paggalang ay pagkilala sa katalagahang umiiral bilang pagpepresensiya ng isang persona na nagpapahayag ng kanyang kaisipan at kalooban sa mundong ito. Samakatwid, nasa puso ng paggalang ng kalikasan ang pagkilala sa isang makapangyarihang Ikaw na nagpapahayag sa sangkatauhan sa pamamagitan ng kalikasan. Kaya sakop ng pagkilala sa isang makapangyarihang Ikaw ang pangangailangang manalig na may personang pinagmulan ang lahat-lahat: isang Ikaw na mulat at sadyang nilikha, patuloy na nililikha, at pinananatili ang katalagahan.

Mula sa pagtatayang ito, nagbubunga ang isang kaugnayan ng tao sa katalagahan. Dahil kung namamalayan mo ang katalagahan bilang pagpepresensiya ng isang Ikaw, kailangan mo itong galangin at kailangang tiyakin na ang bawa't kilos sa katalagahang ito ay tugon sa kanyang pagpepresensiya. Hindi ka maaaring mamulat sa gawain ng isang Ikaw na nagpapahayag ng kanyang kalooban sa kalikasan, at wasakin ito nang walang pakundangan dahil malinaw na ang pagwasak ay pagtanggi sa kaayusang Kanyang ibinahagi. Sa pagtatayang merong bukal ng kahulugan ang katalagahan, namamalayan ko na ang aking pagdirito sa kalikasan ay isinasatupad sa abot-tanaw ng Kanyang pagbabahagi. At bilang bunga ng Kanyang paglikha, ang kalikasan ay umiiral bilang tawag na nag-aanyaya sa akin bilang persona na makibahagi sa kosmos na ito. Samakatuwid, upang tunay na maigalang ang kalikasan, dapat kong mamalayan na hindi ito absurdong mundo ng walang malay na materya. Kailangan kong kilalanin na ang materya ng kalikasan ay isang nibel ng pagsasakatawan ng isang malikhain at makapangyarihang Ikaw—tulad ng pagsasakatawan ng likhang sining sa pagkapersona ng lumikha nito. Kailangan kong kilalanin na ang kalikasan ay personal dahil ang kosmos at materya nito ay nakasangkot sa pagpepresensiya ng isang kalooban. At ang ano mang pagwasak ay hindi paggalang sa Ikaw na bukal ng pag-iral at kahulugan nito. Subalit, bagaman nakukutuban ng tao na tila ngang may Ikaw na nagbabahagi, hindi malinaw kung ano itong Ikaw na ito. O kung isa nga itong ikaw tulad ng pagka-ikaw ng kapwa persona. May iba't ibang karanasan sa pagkapersonal ng kalikasan.

Hindi ba ang mga katutubo sa iba't ibang lupalop ang mga taong tila may malalim na paggalang sa kalikasan. Ito'y dahil nakikilala nila ang kalikasan bilang personal: bilang ina, diyos, at nagdadala ng diwa ng mga diwata, bagay, at ninuno. Para sa katutubo, tigib ng

pagprepresensiya ng persona ang kalikasan. Ang lugar ay tahanan ng ninuno. Puno ng diwata ang gubat—mula sa tubig at mga halaman. Nakikibahagi ang mga persona ng kalikasang ito sa isang kaayusan na namumuno sa lahat—pati ang tao.[12] Mabuti ang buhay ng taong tumutupad sa kaayusang. Para sa mga may tradisyonal na pananaw sa kalikasan (tulad ng iba't ibang uring babaylan), maginhawa ang taong may maayos na pakikipagsapalaran sa mga personang tumatahan sa kalikasan. Kaya kumikilos ang katutubo sa paraang malinaw na gumagalang sa kalikasan dahil nakasalalay ang kanilang kapakanan sa paggalang sa kaayusang nililinang at tinutupad ng mga persona ng kalikasan. Pinahahalagahan nila ang kalikasan dahil kinikilala nila na may mga personang maaapektohan ng pagkilos ng tao dito. Nagsasanhi ang di paggalang sa kapahamakan sa mga personang tumatahan sa kalikasan. Sabay nito, ang hindi paggalang sa kalikasan ay magsasanhi ng iba't ibang uring kapahamakan sa mga tao. Iba ang mundong buhay at personal sa mundong purong materya na umiiral lamang bilang kasangkapan ng tao. Bagaman hindi laging malinaw na galing sa isang sumasaibayong Ikaw ang kaayusan ng katalagahan, malinaw sa mga katutubo na ang mga persona ng kalikasan ay may kinikilalang sumasaibayong kaayusan na kailangang galangin at isatupad, at ginagalang ng katutubo ang kalooban at kaalaman ng mga personang ito.

Sa kabilang banda, may mga taong nakikilala ang katalagahan bilang pinagkaloob ng isang sumasaibayong persona. Ganito halimbawa ang pananaw ng mga teologo ng ekolohiya tulad ni Papa Francesco at mga ekolohistang relihiyoso tulad ni Kohak. Isang paggalang sa Ikaw na nagkaloob ang pagkilos sa paraang malikhain para sa mga taong ito. Nagmumula ang kanilang ekolohikal na panindigan sa kanilang paggalang sa Ikaw na nagbibiyaya. Hindi nila basa't tinuturin ang mundo bilang patay na materya kundi buhay na pahayag ng isang Ikaw na dapat galangin. Babad ang materya ng mundo ng diwa ng personang nagkaloob nito. Kaya iniiwasan ng taong may ganitong kamalayan na kumilos sa paraang lumalabag sa kaayusang itinakda ng bukal ng kaayusan. Pagwalang-galang at pagpapakawalang pakundangan ang ano mang mapangwasak at mapag-aksayang kilos sa katalagahan. Dito makikita na maaaring magmula sa pagkamulat sa persona ng kalikasan ang tunay na ekolohikal na atitud ng tao.

[12] Grace Nono, Song of the Babaylan, (Quezon City: Institute of Spirituality in Asia, 2013).

Kung hindi tigib sa persona ang kalikasan, makatwiran na maghanap at magpataw ang tao ng kaayusang sa katalagahan. Higit na mabuti ang ano mang kaayusan na kanyang mapapataw mula sa kanyang may hangganang kapangyarihan at pag-uunawa, kaysa sa manahan siya sa mundo ng kaos. Subalit, kung hindi absurdo katalagahan at may katutubong kaayusan ang katalagahan, iba ang magiging kaugnayan ng tao sa katalagahan. Hindi na siya ang tagapagpataw ng kaayusan na nagbibigay hugis sa katalagahan. Siya ang tagapagtupad ng sariling pag-iral bilang malikhaing pagtugon sa pahayag ng sumasaibayong Ikaw ng kosmos. Ang malikhaing tugon sa kosmos ang kilos ng pagkilala sa ipinagkaloob sa paraang ginagalang at pinapayaman ito. Lumilikha kasama ng persona ng kalikasan ang malikhaing tugon ng tao, at hindi tayo basta kumikilos sa paraang lumalaban sa pagkaabsurdo ng katalagahang hindi mapagkatiwalaan.

Nawawasak ang ating mundo dahil sa ating absurdong pag-uunawa sa katalagahan. Mayroon tayong mapangwasak na kaayusang ipinapataw sa kosmos bunga ng ating kawalan ng tiwala sa katutubong kaayusan nito. Namamatay ang ating mundo, tulad ng mundo ng katutubong Amerikano, dahil hindi ginagalang ng absurdong sangkatauhan ang kosmos na linalang ng isang persona mula sa kanyang kabutihang loob. Dahil lamang labag sa kinagisnan, nagpataw ang taga-Europa ng sariling kosmos na mula sa kanilang pangangailangan at pagnanais. Ang sangkatauhan ngayon, na umuunlad ayon sa mga patakaran ng Kanluraning sibilisasyon, ay bulag na nagpapataw ng kaayusan sa mundong hindi na nito kilala. Ngunit sa harap ng krisis ng ating panahon, malinaw na kailangan nating suriin muli ang ganitong kaugnayan sa kalikasan. Malinaw na may tunay na kaayusan na nilabag ang ating pagsubok na lumikha ng sariling kosmos. Kailangan nating tanungin kung patuloy ba nating ipapalaganap ang sariling kosmos na mapangwasak kahit sa tao na dapat nitong nililinang, o magtataya ba na may mabuti at mapagkakatiwalaang bukal ang kosmos ng katalagahan?

Ang sagot sa tanong na ito ay wala sa ano mang pananaliksik sa nibel ng pag-uunawang teknikal. Makikilala lamang ang pagkapersonal ng kaliksan mula sa isang tunay na personal na pakikipag-ugnayan dito. Mula lamang sa pagbubukas ng kalooban sa Ikaw na nagpepresensiya sa kalikasan magsisimula ang pagkamulat sa mga tanda ng kaloobang nagpapakita. Kaya kailangan ng

pagtataya ng buong pagkatao upang tunay na matauhan sa persona, dahil hindi katulad ng bagay na inaaral, ang persona ay kinikilala sa tunay na pakikipagtagpo at pagbubukas-loob.

Ang pakikipagtagpo ay nagsisimula sa pagtataya. Kailangan nating subukang kilalanin ang pagpepresensiya ng Ikaw sa katalagahan at muling maranasan ang katalagahan bilang tawag at paanyaya sa taong lumikha kasama, at hindi labag, sa kalooban ng nagkaloob. Upang maisatupad ito, hinihingi sa tao ang isang radikal na pagbabagong loob, dahil maririnig niya lamang ang tinig ng Manlilikha sa pagsuko ng ilusyon na ang tao ang bukal ng kahulugan ng katalagahan. At kaakibat ng pagsukong ito ang pagsuko ng komportableng pamumuhay na isinesentro ang mga mapangwasak na pagnanais ng tao. Samakatuwid, hinihingi sa tao ang radikal na pagbabago ng kinasanayang kosmos. At mahirap ito dahil hindi tayo makapagtiwala na may tunay na sasalo. Ngunit hindi malalaman kung may sasalo nga hangga't magpasalo. Ganito ang pagmumulat sa nibel ng persona. Walang mga eksaktong data na magpapatunay sa katotohanan ng Kanyang kabutihang-loob kundi ang pagtataya at pagbubukas-loob sa kabutihang-loob nito. Mahirap ito para sa tao dahil pinipilit nating makitungo ayon sa mga makikitid na pamantayan ng eksaktong mga sistema ng kaisipan.

Nasa pagbubukas loob lamang ang pagtubos ng tao dahil kailangan nating matuklasan ang posibilidad ng paglikha sabay ng nagkaloob. Hindi nito hinihingi na talikuran natin ang lahat nang natuklasan ng modernong teknolohiya at agham. Ang hinihingi sa atin ay ang matalinong pagsusuri sa potensiya ng mga ito na lumikha sa mundo na hindi walang-malay na nagiging mapangwasak. Ngunit hindi natin ito magagawa hangga't hindi bitawan ang mapagpataw ng paninindigan ng agham at teknolohiya ng absurdong tao. Kung dati, itinaya natin na ito ang sasalo sa tao sa pagka-absurdo ng buhay, kailangan nating muling unawain ang kanilang potensiya na makisabay sa kalooban ng tunay na bukal ng pagmemeron. Dahil walang pagmamalay ang tao sa isang mapagkakatiwalaang Ikaw na bukal ng kahulugan ng katalagahan, patuloy niyang winawasak ang kalikasan. Ang pagwasak ay bunga ng pagwawalang galang na kasabay ng takot. Nakatatakot nga naman kung walang may hawak ng katalagahan. Lumilinaw sa panahong ito ng makapangyarihang teknolohiya na hindi pa rin ang tao ang may hawak ng kalikasan. Ngunit sabay nito, wala siyang makitang may hawak ng kalikasan.

Kaya patuloy ang mapangwasak na pagpataw ng ating teknolohiya para lamang maranasan natin na may kahulugan ang lahat. Isa itong laro na walang patutunguhan kundi pagkawasak.

## Talasanggunian


Camus, Albert. The Myth of Sisyphus. London: Penguin Books, 1975.

Crosby, Alfred W. Columbian Exchange: Biological ang Cultural Consequences of 1492(Contributions to American Studies #2). Connecticut: Greenwood Press, 1976

Gore, Al. Earth in the Balance and the Human Spirit. New York: Rodale Books, 2006.

Kohak, Erazim. The Green Halo: A Bird's Eye View of Ecological Ethics. Chicago: Open Court, Kindle Edition.

Mann, Charles C. 1491: New Revelations of the Americas Before Columbus. New York: Vintage Books, 2006.

Nono, Gracce. Song of the Babaylan, Quezon City: Institute of Spirituality in Asia, 2013.

Tuan, Yi-Fu. "The City: Its Distance from Nature," Geographical Review, 68:1 (1978).




Note: Funding for this research was provided for by the Philippine Higher Education Research Network (PHERNET)